

Tala: 1

Bali sa Balagat (Clavicle)(includes abstract) Calvagna M; Keel JC; Consumer Health Information Language Database, Consumer Health Information, EBSCO Publishing, November 2008; (patient education - condition) CINAHL AN: 2010052454

Abstract: Ang bali sa balagat ay bitak sa buto sa balagat (tinatawag ding buto sa may balikat). Pinagdurugtong nito ang buto sa gitna ng dibdib (breastplate) at ang balikat. Maaaring mabali ang balagat sa tatlong iba't ibang bahagi: Gitnang pangatlo—ang gitnang bahagi ng balagat, na siyang pinaka-karaniwang bahagi ng bali sa balagat ; Pinakamayong pangatlo—ang dulo ng balagat na nakadugtong sa balikat ; Panggitnang pangatlo—ang dulo ng balagat na nakadugtong sa buto sa gitna ng dibdib

View English

Database: Consumer Health Information -- Tagalog

Bali sa Balagat (Clavicle)

(Nabasag na Balagat)

ni: Mary Calvagna, MS

[\[View English Version\]](#)

Kahulugan

Ang bali sa balagat ay bitak sa buto sa balagat (tinatawag ding buto sa may balikat). Pinagdurugtong nito ang buto sa gitna ng dibdib (breastplate) at ang balikat.

Maaaring mabali ang balagat sa tatlong iba't ibang bahagi:

- Gitnang pangatlo—ang gitnang bahagi ng balagat, na siyang pinaka-karaniwang bahagi ng bali sa balagat
- Pinakamayong pangatlo—ang dulo ng balagat na nakadugtong sa balikat
- Panggitnang pangatlo—ang dulo ng balagat na nakadugtong sa buto sa gitna ng dibdib

Bali sa Pinakamayong Pangatlong Balagat

© 2009 Nucleus Medical Art, Inc.

Mga Sanhi

Ang bali sa balagat ay dulot ng sugat sa buto ng balagat. Ang sugat ay kadalasang dulot ng:

- Direktang tama sa balagat

- Pagbagsak sa nakadipang kamay
- Maaaring mabalian ng balagat ang mga bagong silang habang palabas sa daanan ng sanggol sa matris at puwerta

Mga Nagbibigay Panganib

Ang nagbibigay panganib ay isang bagay na nagpapataas ng iyong tsansang magkaroon ng sakit, kondisyon, o pinsala.

- Pagtanda, dahil sa higit na panganib sa pagbagsak
- Osteoporosis
- Ilang mga kondisyon ng buto na taglay na sa katawan mula nang isilang
- Pakikilahok sa mga larong may pagdidikitan
- Karahasan

Sintomas

Kasama sa mga sintomas ang:

- Pananakit, madalas na malubha
- Lumalaylay na balik, pababa at paharap
- Kawalan ng kakayahang itaas ang kamay dahil sa pananakit
- Bukol o halatang pagkasira ng hubog sa ibabaw na bahagi ng bali
- Panlalambot at pamamaga sa apektadong bahagi

Pagsuri

Magtatanong ang doktor tungkol sa iyong mga sintomas, gawaing pisikal, at kung paano nangyari ang pinsala. Susuriin ang napinsalang bahagi.

Kasama sa mga pagsusuri ang:

- Mga x-ray —isang pagsusuring gumagamit ng radiation upang gumawa ng larawan ng mga bahagi sa loob ng katawan, lalo na ang mga buto upang maghanap ng mga bitak

Paggamot

Depende ang paggamot sa kalubhaan ng pinsala. Kasama sa paggamot ang:

- Paglalagay sa puwesto ng mga piraso ng buto, na maaaring mangailangan ng anesthesia at mas bihira operasyon
- Pagpapanatili sa mga piraso na sama-sama habang ginagamot ng buto ang kanyang sarili

Suhay o Sakbat

Karamihan ng mga bali sa balagat ay magagamot ng alinman sa hugis-walong pamigkis, na ibinabalot sa paligid ng katawan at mga balik, o na nakasakbat ang braso. Nakakatulong ang mga aparatong ito upang panatilihin sa puwesto ang balik habang gumagaling ang balagat. Maaaring magreseta ang doktor ng gamot para sa pananakit.

Operasyon

Bihirang-bihira, maaaring kailanganin ang operasyon upang ayusin ang buto. Maaaring magpasok ang doktor ng mga pang-ipit o ohas at mga turnilyo sa buto upang hawakan ito sa puwesto habang ito ay gumagaling. Kakailanganin mo ring magsuot ng sakbat o hugis-walong pamigkis habang gumagaling ka.

Mga ehersisyo

Kapag nagpasiya ang iyong doktor na ikaw ay handa na, umpisahan ang mga ehersisyo ng hangganan-ng-paggalaw at pagpapalakas ng balik. Malamang na irekomenda ka sa isang physical therapist upang

matulungan ka sa mga ehersisyong ito. Huwag bumalik sa paglalaro hanggang lubusang gumaling ang iyong balagat.

Panahon ng paggaling

- Maaaring gumaling ang bata nang kasing bilis ng mga 3-4 na linggo.
- Ang binatilyo/dalagita ay maaaring mangailangan ng mga 6-8 linggo upang gumaling.
- Ang isang nasa hustong gulang na tumigil na sa paglaki ay maaaring mangailangan ng mga 8-10 linggo upang gumaling.

Pag-iwas

Upang maiwasan ang mga bali sa balagat:

- Huwag ilagay ang iyong sarili sa panganib sa sugat sa balagat.
- Kumain ng balanseng diyeta na mayaman sa calcium at bitamina D.
- Palakasin ang mga kalamnan upang maiwasan ang mga pagkabagsak at manatiling aktibo at maliksi.

Published by EBSCO Publishing. This content is reviewed regularly and is updated when new and relevant evidence is made available. This information is neither intended nor implied to be a substitute for professional medical advice. Always seek the advice of your physician or other qualified health provider prior to starting any new treatment or with questions regarding a medical condition. Copyright 2009 EBSCO Publishing. All Rights Reserved.

Pagkukunan: Consumer Health Information, EBSCO Publishing. November 2008

Numero ng Item: 2010052454